



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-31 ng Disyembre, 2019
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Nakarehistro sa isang Pampulitikang Partido? Siguraduhing Katugma Nito Ang Pampanguluhang Kandidatong Nais Ninyo.

Mahigit two-thirds ng 1.8 milyong nakarehistrong botante ng County ng San Diego ang nakarehistro sa isang pampulitikang partido. Kung isa kayo sa kanila, maging maalam na maaari lamang kayong bumoto sa slate ng mga pampanguluhang kandidato ng partidong iyon sa Ika-3 ng Marso, 2020 na primaryang eleksyon. Upang bumoto para sa isang pampanguluhang kandidato sa ibang partido, kailangan ninyong [muling magparehistro](#) sa partidong iyon.

Positibong nakarehistro kayo sa isang partikular na partido? Kung binisita ninyo ang Department of Motor Vehicles sa loob nang huling dalawang taon, [double-check ang inyong rehistrasyon](#) upang makita na ang Tagapagrehistro ay mayroong inyong pinakabagong impormasyon sa record. Kung hindi, kailangan ninyong [muling magparehistro](#).

Sa pamamagitan ng pagsiguro, makukuha ninyo ang partidong balota na nais ninyo sa inyong itinalagang botohan. Kung bumoboto kayo sa pamamagitan ng koreo, ang pag-check ng inyong rehistrasyon, at kung kinakailangan, muling magpaparehistro, bago ang Ika-6 ng Enero ay pinapayagan ang opisina ng Tagapagrehistro na ipadala sa inyo ang inyong napiling balota kapag ipinakoreo nila sa linggo ng Ika-3 ng Pebrero.

Ang mga botanteng walang partido ay hindi makakakita ng isang pampanguluhang labanan sa kanilang balota maliban kung kumilos sila. Upang bumoto para sa pangulo, mayroon silang [ilang mga opsyon](#) depende sa kandidato na nais nila.

Ang mga pampulitikang partido ay itinakda ang mga sumusunod na patakaran. Ang mga botanteng walang partido ay maaaring [humiling ng isang balota](#) mula sa mga partidong American Independent, Democratic o Libertarian upang bumoto para sa isang pampanguluhang kandidato sa isa sa mga partidong iyon.

Ang mga partidong Green, Peace and Freedom, at Republican ay piniling hindi payagan ang mga botanteng walang partido na makilahok sa kanilang pampanguluhang primarya. Upang bumoto para sa isa sa mga pampanguluhang primaryang kandidato na ito, ang mga botanteng walang partido ay dapat [muling magparehistro](#) para makaboto sa partido na iyon.

Kung anuman ang inyong preperensyang partido, ang lahat ng nakarehistrong botante ay pinapayagang bumoto sa lahat ng mga walang partidong kaugnay sa kontest.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bumisita sa [sdvote.com](#).

###

COUNTYNEWSCENTER  